

KIAN

KAWASAKI
INTERNATIONAL
ASSOCIATION
NEWS


KUMUSTA KAWASAKI

Mga paalala at impormasyon mula sa Kawasaki City

Eksibit ng Hiroshima • Nagasaki Bomb

ヒロシマ・ナガサキ原爆展

358



Mapapanood ang eksibisyong [Hiroshima • Nagasaki Bomb] sa Peace Museum ng Kawasaki. Hanggang ika-31 ng Agosto (Linggo) Magbubukas ito sa oras ng alas 9 hanggang alas 5 at sarado sa tuwing Lunes at ika-19 ng Agosto (Martes)

Ang eksibisyong ito ay binubuo ng temang naglalaman ng paglaglag ng 2 bomba sa Hiroshima at Nagasaki noong panahon ng World War 2. Ang mga litrato sa panel na pang-eksibisyon ay ang mga drowing at likha ng mga mamamayan ng Hiroshima at

Nagasaki sa pamamagitan ng kanilang pakikipagtutulungan, muli nating matutunghayan mararamdaman ang pait na dulot ng giyera at bomba. Mapag-iisipan natin ang kahalagahan ng kapayapaan.

Upang makarating sa Bulwagan ng Kapayapaan, bumaba sa Istasyon ng Musashi Kosugi ar malalakad ito ng 8 minutos. Magtanong sa 044-433-0171.



Tiket para sa Super Athletics 2008 Kawasaki

スーパー陸上へのご招待

359

Magkakaroon ng ibentong Paligsahang Pampalakasan [Super Athletics 2008 in Kawasaki] kung saan gaganapin ito sa Todoroki Arena sa ika-23(Martes) ng Septyembre. Inaanyayahan ang mga may 300 kataong mag-aaral, naghahanap buhay at mga naninirahan dito sa Kawasaki. Ang paligsahang ito ay kinabibilangan ng mga Atleta sa Beijing Olympic na nagtamo ng medalya, mga journalist at mga pangunahing Atleta sa buong mundo ang maglalaban-laban sa palaruang ito.

Upang mag-aplay sa tiket na ipamimigay, magpadala ng self-addressed return card isulat ang pangalan, tirahan edad at telepono at ipadala sa 〒210-8577 Kyouiku In kai Sports Ka. 教育委員会スポーツ課 hanggang ika-22 ng Agosto (Biyernes)

Pwedeng dalawang katao para sa isang card, at ang aplikasyon ay kinakailangang isang tao sa bawat card. Halina't panoorin ng personal ang perpormans ng mga top athletes. Tumawag para sa detalye sa Kyoiku In kai Sports ka 044-200-3322.



Museo ni G. Taro Okamoto

岡本太郎美術館企画展

360

Ang eksibisyong pinamagatang [Okamoto Taro ga mita Kankoku 1964 • 1977] ay mapapanood hanggang ika 28 ng Septyembre.

Ito ay panahon ng pagbisita ni G. Taro Okamoto sa Korea noong 1964 at 1977. Masusundan natin ang mga yapak ng pagbisita ni G. Taro Okamoto sa eksibisyong ito, kung paano nya nakilala ang Korea, ang lalim at pagkakahawig ng kultura at larawan ng pamumuhay ng mga tao dito matutunghayan natin sa pamamagitan ng mga kuhaang litrato ni G. Taro Okamoto.

Ang eksibisyon ay binubuo ng may 70 larawang kuha ni G. Taro Okamoto, ang mga gawaing likha ng Korea at ng folk products nito gaya ng mascara at ang iba pang mga litratong kuha ni G. Taro Okamoto na may 200 piraso.

Halina't damhin ang mga nakita ni G. Taro sa Korea at ang kagandahan ng luntiang Ikuta Ryokuchi kung saan ang Museo ay matatagpuan.

Ang Museo ng G. Taro Okamoto ay mararating ng may 17 minutos pagbaba sa Mukogaoka Yuen ng Odakyu Line. Para sa iba pang impormasyon, tumawag sa 044-900-9898 Taro Okamoto Museum.



外国人への無料医療情報

Ang Asao Foreigners Medical Information Helpline ay itinatag ng Asao ku chiiki shinkouka kung saan ang mga boluntaryo ay nagbibigay ng libreng serbisyo tungkol sa impormasyong pang medikal. Ito ay magsisilbi sa mga dayuhang mamamayang malapit sa Asao tulad ng (Asao, Tama, Miyamae, Machida at Sagamihara) Tuwing Lunes at Biyernes ika-10 hanggang ika-3 ng hapon sa mga wikang Ingles, Kastila at Intsik. Tumawag sa 044-951-6468. Mga temang maaaring ikonsulta ay: mga pagamutang malapit sa Asao ward, mga impormasyon ukol sa mga check-ups, bakuna at ng sistema ng pagpapagamot at insyurans ng Japan atbp.

May problema ka? Tawag na o magsadya sa: Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki

Silid — Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

■ Konsultasyon sa iba't-ibang Wika

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes


Wikang Kastila: Martes at Miyerkoles

Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

■ Oras ng Konsultasyon

10:00 ng umaga ~16:00 ng hapon



Inilathala ng Asosasyong Pandaigdig ng Siyudad ng Kawasaki
〒211-0033 Kawasaki International Center

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kiankawasaki@kian.or.jp HP URL:http://www.kian.or.jp/